# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG OKTUBRE 09, 2023, LUNES, IKA-9:47 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME mai DATE 10/20/23 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 20 OCT 2023 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 386-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 082-T2023 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 08-T2023 NG BARANGAY CALIOS, SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGTATAAS NG HONORARIA NG SANGGUNIANG BARANGAY NA HALAGANG DALAWANG LIBONG PISO (P2,000.00) PARA SA PUNONG BARANGAY, PITONG KAGAWAD AT SK CHAIRPERSON, ISANG LIBONG PISO (P1,000.00) PARA SA KALIHIM AT INGAT-YAMAN AT HALAGANG TATLONG DAANG PISO (P300.00) PARA SA BARANGAY TANOD, BHW, BNS, DCW, BRK, STREET SWEEPER, GARBAGE COLLECTOR, DRIVER AT UTILITY WORKER NG BARANGAY PARA SA TAONG 2024 NA MAY KABUUANG HALAGANG P441,600.00.**

**SAPAGKAT**, may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Calios sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 082-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 08-T2023 na nagtataas ng honoraria ng Punong Barangay at mga kasapi ng Sangguniang Barangay kasama ang Kalihim at Ingat-Yaman at mga Katulungin nito para sa taong 2024;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** may pasubaling anumang gagawing paglalabas ng gugulin ay pananagutan ng Sangguniang Barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Regine S. Regalado at Kgg. Patrocinia S. Kalaw at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 082-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 08-T2023 ng Barangay Calios na nagtataas ng honoraria ng Sangguniang Barangay na halagang Dalawang Libong Piso (P2,000.00) para sa Punong Barangay, pitong Kagawad at SK Chairperson, Isang Libong Piso (P1,000.00) para sa Kalihim at Ingat-Yaman at halagang Tatlong Daang Piso (P300.00) para sa Barangay Tanod, BHW, BNS, DCW, BRK, Street Sweeper, Garbage Collector, Driver at Utility Worker ng barangay para sa taong 2024 na may kabuuang halagang P441,600.00.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, at Sangguniang Barangay ng Calios, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 09, 2023.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

10/20/23

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

10182023